# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 23, 2024, LUNES, IKA-03:30 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . . . | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | . . . . . | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | . . . . . | Kagawad – nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | . . . . . | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: 27 JAN 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/28/25 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 533-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 105-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 033-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN SIYAMNA PU'T SIYAM NA LIBO APAT NARAA'T APAT NA PISO AT TATLUMPUNG SENTIMOS (P399,404.30) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY LABUIN.**

**SAPAGKAT**, iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg. 105-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 033-T2024 ng Barangay Labuin na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 105-T2024/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 033-T2024 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P399,404.30 para sa Limang Bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Labuin.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Labuin, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 23, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 1/23/25

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

12225 132